**Pamagat**: Mga Pangitain ng Pagkawasak (part 1)

**Bible Text**: Amos 7:1a “Thus hath the Lord GOD shewed unto me;…”
*Pagsasalin*: Ganito nagpakita sa akin ang Panginoong DIOS:

**Panimula**:

1. Review natin ang outline ni Amos:
   (Ch. 1-2) Recipients of God’s Judgments (prophecies, 8) – “Thus saith the LORD” (1:3)
   (Ch. 3-6) Reasons for God’s Judgments (sermons, 3) – “Hear this word” (3:1)
   (Ch. 7-9:10) Results of God’s Judgments (visions, 5) – “The Lord GOD showed me” (7:1)
   (Ch. 9:11-15) Restoration from God’s Judgments or The Hope of Israel (promises) – “I wills” of Jehovah.
2. Titingnan natin ang unang dalawa sa limang pangitain ni Amos.
3. Ito ang salita ng Dios:

   AMOS 7:1-6 “Thus hath the Lord GOD shewed unto me; and, behold, he formed grasshoppers in the beginning of the shooting up of the latter growth; and, lo, it was the latter growth after the king's mowings. 2 And it came to pass, that when they had made an end of eating the grass of the land, then I said, O Lord GOD, forgive, I beseech thee: by whom shall Jacob arise? for he is small. 3 The LORD repented for this: It shall not be, saith the LORD. 4 Thus hath the Lord GOD shewed unto me: and, behold, the Lord GOD called to contend by fire, and it devoured the great deep, and did eat up a part.
   5 Then said I, O Lord GOD, cease, I beseech thee: by whom shall Jacob arise? for he is small. 6 The LORD repented for this: This also shall not be, saith the Lord GOD.”

   Sa Tagalog: AMOS 7:1-6 Ganito ang ipinakita sa akin ng Panginoong Diyos: at narito, siya'y lumikha ng mga balang sa pasimula ng huling pagsibol ng pananim, at narito, ang huling pananim ay pagkatapos ng mga gapas para sa hari. 2 At nangyari, nang kanilang matapos kainin ang damo ng lupain, aking sinabi,
   “O Panginoong Diyos, isinasamo ko sa iyo, magpatawad ka! Paanong tatayo ang Jacob? Sapagkat siya'y maliit! Siya'y napakaliit!” 3 Ang Panginoon ay nagbago ng isip tungkol dito, “Hindi mangyayari,” sabi ng Panginoon. 4 Ganito ang ipinakita sa akin ng Panginoong Diyos: at narito, ang Panginoong Diyos ay tumatawag, upang humatol sa pamamagitan ng apoy, at tinupok nito ang malaking kalaliman, at kinakain ang lupain. 5 Nang magkagayo'y sinabi ko, “O Panginoong Diyos, itigil mo, isinasamo ko sa iyo!
   Paanong makakatayo ang Jacob? Siya'y maliit!” 6 Ang Panginoon ay nagbago ng isip tungkol dito,
   “Ito'y hindi rin mangyayari,” sabi ng Panginoong Diyos.

**I. <u>Ang Pangitain ng Salot ng mga Balang</u> (7:1-3)**

A. Malaking paghihirap sa isang lipunang agraryo ang salot ng mga balang.
B. Ito ay isang uri ng banal na parusa (cd. Deut. 28:38, 42; Joel 1:1-7).
C. Ang pananalangin ni Amos ay dahilan kung bakit hindi pinagpatuloy ng Dios ang Kanyang hatol.

**II. <u>Ang Pangitain ng Apoy</u> (7:4-6)**

A. Pinakita ng Dios na gagamitin niya ang apoy para tanggalin ang kanilang mga ani.
B. Subalit nag pray si Amos, at hindi tinuloy ng Dios ang kanyang parusa.

**III. <u>Ang Kapangyarihan ng Pananalangin</u>:**

A. Ang Dios ay nakikinig at sumasagot sa ating mga pananalangin, dahil kay Jesus. (Jn. 14:13, 14)
B. Hindi tayo pakikinggan ng Dios kapag pinakungdanganan, o iniingatan ang kasalanan sa aking puso. (Ps. 66:18). Selfishness (James 4:3); Unforgiveness (Mark 11:25-26); No faith (Matt. 21:22; Rom. 14:23).
C. Dapat mag pray tayo with adoration, confession, thanksgiving, and petitions (Phil 4:6), may pagpapanatili sa salita ng Dios (John 15:7); Pagbukas-palad (generosity) (Pro.21:13). Right relationships (1 Peter 3:1,7); with fastings (Matt. 17:21; Mk. 9:29; - huwag pakingtang tao, Matt. 6:16-18).

**Katapusan**:

1. Maari palang bawiin ng Dios ang mga parusa Niya dahil sa ating mga pananalangin.
2. Kung mahina ang pananampalataya mo, tandaan, malakas ang Panginoon mo. Manalangin ka!
3. Ang sagot ng Dios ay base sa pananampalataya, at hindi Malaki or maliit, pero dapat tunay na faith.
4. Ang pananampalataya na taimtim ay naririnig ng Dios, dahil kay Kristo. Maari itong mamunga, at lumago.
5. Paano natin alam na tayo ay lumalago sa pananampalataya: kung nagagawa natin ngayon ang hindi natin nagagawa noon.